Republika ng Pilipinas)
Lungsod ng Quezon) s.s.

SINUMPAANG SALAYSAY

Ako si **MARITESS VELOSO-LAURENTE,** 35 taong gulang, may asawa, kasalukuyang naninirahan sa Brgy. Caudillo, Cabanatuan City, Nueva Ecija, matapos makapanumpa ng ayon sa batas, ay kusang-loob na nagpapahayag na:

1. Ako ang nakatatandang kapatid ni Mary Jane Fiesta Veloso (MARY JANE). Si Mary Jane ay bunso sa aming limang magkakapatid at aming magulang ay sina Cesar Sanchez Veloso at Celia Balones Fiesta;

2. Si Mary Jane ay nag-aral ng elementary sa Caudillo Elementary School, Barangay Caudillo, Cabanatuan City at sa Mayapyap Elementary School sa Mayapyap, Cabanatuan City at nagtapos nuong 1997. Nakapagumpisang mag-aral si Mary Jane ng first year high school sa Mayapyap National High School ngunit dahil sa hirap ng buhay namin ay hindi niya ito natapos;

3. Si Mary Jane ay sumama na sa amin sa paghanapbuhay sa pagsasaka ng sibuyas – hinihiwalay ang maganda, bulok at reject at nilalagay namin ang maganda at reject sa red bag na may bigat na 25 hanggang 30 kilo ang bawat bag ay binabayaran kami ng P3 sa bawat isa. Palipat lipat kami ng tirahan sa Angeles City, Pampanga at Sta. Barbara, Baliuag, Bulacan;

4. Nuong 2001, ikinasal siya sa murang idad na 16 na taong gulang kay Michel Santos Candelaria na taga-Esguerra Village, Talavera, Nueva Ecija na mahirap lang din ang buhay. Nagkaroon sila ng dalawang anak. Dahil walang trabaho ang kanyang asawa, umasa sila sa mga magulang namin. Upang makatulong, nagtitinda si Mary Jane ng ice candy, sopas at spaghetti at nilalako sa bahay-bahay. Naging miserable ang buhay sa kanyang asawa, namamasada at sinusugal ang kita. Hiniwalayan ni Mary Jane ang kanyang asawa noong apat na taon pa lang ang kanilang panganay na anak;

5. Nuong 2009, naisipang magtrabaho ni Mary Jane bilang kasambahay sa Dubai, United Arab Emirates upang makaahon sa hirap ang sarili niyang pamilya at makatulong sa mga magulang namin. Ayon kay Mary Jane, ang kanyang sahod ay kulang-kulang PHP9,000. Umalis siya papuntang Dubai nuong Pebrero 2009;

6. Hindi maganda ang naging karanasan ni Mary Jane sa Dubai. Sa nasabi ding taon o nuong 2009, pinagtangkaan si Mary Jane na gahasain ng kanyang amo. Pinagtangkaan din siya saksakin ng kanyang kasamahan sa bahay. Mabuti at nasalag niya ng kanyang braso.

Nagdesisyon kaming pamilya na pauwiin na lamang siya. Nuong ika-31 ng Disyembre 2009, nagpasya siyang umuwi;

7. Tatlong buwan pa lamang siya sa Pilipinas, nakilala niya si MARIA KRISTINA "TINTIN" P. SERGIO (TINTIN), na nakatira sa Esguerra Subdivision, Talavera, Nueva Ecija, na kararating lang mula sa ibang bansa. Si Tintin ay tubong Bicol at kinakasama ng kinakapatid ni Mary Jane sa kasal. Naging magkaibigan si Mary Jane at si Tintin;

8. Nuong ika-18 ng Abril 2010, kinausap ni Tintin si Mary Jane at inalok ng trabaho bilang kasambahay para sa kanyang kaibigan sa Malaysia. Ayon kay Mary Jane, ang kanyang magiging sahod ay P25,000 bawat buwan na,ayon sa kanya, malaki ito para mapag-aral ang kanyang dalawang anak at makatulong sa aming mga magulang;

9. Pagkalipas ng limang araw o nuong ika-22 ng Abril 2010, lumipad ng Malaysia si Mary Jane at Tintin sa Malaysia. Pinagdala lang siya ng dalawang pares ng damit, na nilagay lamang sa ginagamit na bag ng kanyang anak, dahil ayon kay Tintin ay ipapamili daw si Mary Jane ng mga gamit pagdating doon ng kanyang magiging employer. Ito rin ang naging dahilan kaya hindi nagtaka si Mary Jane nang sabihin ni Tintin na bibilihan siya nito ng bagong maleta noong sinabihan na siya nitong sa Indonesia siya magtatrabaho;

10. Nuong ika-27 ng Abril 2010, dumating si Tintin sa Talavera, Nueva Ecija. Kaagad pinuntahan ng mga magulang namin si Tintin para makibalita. Sinabi niya na ok na ok si Mary Jane at inabot niya sa amin ang mga pictures nila ni Mary Jane. Kaya naniwala kami na maayos ang kanyang kalagayan;

11. Nuong ika-9 ng Mayo 2010, araw ng kapanganakan ng aming Tatay, tumawag si Mary Jane, masaya siya at binati niya ang aming Tatay ng "happy birthday";

12. Nuong ika-11 ng Mayo 2010, nagtext si Mary Jane ng malungkot na mensahe na nagpabagabag sa aming isip. Tinawagan namin siya ng ilang beses at ng araw ding iyon ay nakausap namin siya. Doon na niya inamin sa amin na nakakulong na siya mula pa noong Abril 26, 2010;

13. Sa aming pakikipag-usap sa kanya, isinalaysay niya sa amin ang buong pangyayari:

a. Pagdating nila sa Malaysia noong ika-22 ng Abril 2010, sinabihan siya ni Tintin na nakakuha na ng kasambahay ang kanyang kaibigan. Pinangakuan siya na hahanapan pa rin siya ng ibang trabaho. Sa Lagoon Hotel sila tumira. Tatlong araw silang tumigil sa Malaysia. Ipinasyal siya ni Tintin, nagpakuha ng mga larawan at pinag-shopping ng mga damit;

b. Ilang araw pagkatapos, bumalik si Tintin sa kanilang tinutuluyan at sa aking pagkakaalala, ibinalita sa kanya na may trabaho na siya sa Indonesia. Ang unang reaksyon niya ay wala siyang pera na pambili ng tiket, na sinagot naman ni Tintin na siya na ang bahala. Sinabihan pa niya si Tintin na huwag siyang mag-alala at tinawagan na niya ang kanyang boyfriend na nagngangalang *"Prince"* na ibili siya ng maleta. Bumaba sila sa parking lot ng hotel para kunin ang maleta. Inabot sa kanya ang bagong maleta at napansin ni Mary Jane na mabigat ang maleta. Tinanong niya si Tintin kung bakit mabigat ang maleta. Sinagot siya na ganyan talaga ang bagong maleta sa Malaysia. Tiningnan ni Mary Jane ang loob, sa mga bulsa, wala naman siyang nakita. Binigyan siya ng USD500 para sa kanyang pocket money at cellphone. Minamadali siya ni Tintin na mag-impake at pumunta ng airport. Hinatid siya ni Tintin sa airport at doon na sila naghiwalay;

c. Batay sa aking pagkakaalala sa aming naging usapan, ayon kay Mary Jane, sa airport ng Jakarta, noong ipinasok ang kanyang maleta sa X-ray machine, may tumunog. Kaagad binuksan ng airport personnel ang loob ng kanyang bagahe at walang nakita. Muli niyang ipinasok sa X-ray machine, tumunog ulit at doon na sinabi sa kanya na sisirain ang kanyang maleta. Nakita ang 2.6 kilograms na heroine. Kaagad siyang naimbestigahan at dinala na sa kulungan;

14. Ika-11 ng Mayo 2015, galit na galit angaming pamilya na sumugod kay Tintin. Kasama kosina Nanay, Tatay, kapatid naming si Darling at Lea.Sinabi niya sa amin na huwag muna kaming mag-ingay at mag-alala. Kaya naming bayaran kahit ilang milyon upang matulungan si Mary Jane. Bigyan sila ng tatlo hanggang limang buwan at papauwiin nila si Mary Jane. Dahil sa binitawan niyang salita, umasa kami at naniwala kay Tintin. Nanahimik kami ng tatlong buwan;

15. Pagkalipas ng tatlong buwan, walang nangyari kaya nagdesisyon kami na lumapit na sa mga local government officials. Una naming nilapitan ay si Mayor Julius Cesar Vergara ng Cabanatuan City. Nueva Ecija. Sinabi niya kung drugs ay wala nang magagawa. Nakiusap ang kasama naming na konsehal ng Brgy. Caudillo na kahit sulat kay P-Noy. Sinabi na classmate daw niya ito. Pinagawa kami ng salaysay. Nilapitan din namin si Mayor Neri Santos ng Talavera, Nueva Ecija, kasama ang biyenan ni Mary Jane, si Tatay at Nanay upang manghingi ng tulong pinansyal para makaluwas ng Maynila at makausap si P-Noy. Nakalikom kami ng kaunting pera;

16. Nuong Agosto 2010, pinahiram kami ng sasakyan ni Mayor Santos upang lumuwas ng Maynila. Kasama ang biyenan ni Mary Jane, kasama ang biyenan at pamilya namin, ay lumapit kami sa isang media network. Tinanggihan kami dahil hindi daw dumaan si Mary Jane saagency. Nagpunta kami ng Malakanyang at itinuro kami sa isang

opisina. Pinagawa ako ng salaysay kung ano ang kaso ni Mary Jane at pinaabot sa akin sa isang staff. Binasa at ipinasa sa isang desk. Pinagawa ako uli ng salaysay. Ipinasa ako ulit sa isa pang desk, gumawa ng salaysay atsinabi na makakarating ito kay Presidente Aquino;

17. Sa parehong buwan ng Agosto, pumuntakami sa Department of Foreign Affairs (DFA). Ni-refer kami kay Patricia Jean Oliver Macam, case officer na humahawak sa kaso ni Mary Jane. Sinabi niya na gagawin nila ang lahat upang matulungan si Mary Jane. Binigyan kami ng isang dokumento na naglalahad sa kaso ni Mary Jane. Pagkatapos, sinabihan kami na tatawagan na lang kami kung may updates;

18. Sa kasawiang-palad, nasira ang naturang dokumentong ibinigay sa amin ng DFA nang bumagyo sa aming probinsya. Lumubog ang aming bahay at nasira ang maraming mga gamit at papeles, kasama na ang dokumento mula sa DFA;

19. Nuong Oktubre 2010, tumawag si Ms. Macam upang ipaalam na may dokumento siyang gustong ipabasa sa amin. Kailangan lumuwas daw ako dahil confidential ito. Pumunta ako sa DFA, binasa niya sa harap ang laman ng confidential document na binabanggit. Ayon sa dokumento, nahatulan ng kamatayan si Mary Jane. Sinabi niya, huwag mag-alala dahil pwede pang umapila uli;

20. Nuong ika-5 ng Hunyo 2013, bumisita sila Nanay, Tatay at Mark Daniel kay Mary Jane sa Indonesia,sa tulong ng mga kapwa inmates,police officers,at mga kaibigan. Tumigil sila doon 21 na araw. Sa aking pagkakaalala, nakabalik sila noong ika-29 ng Hunyo 2013. Sila rin ang gumastos sa kanilang hotel, pagkain at iba pang pangangailangan. Nakapagdala sila ng P82,000 para sa pamasahe, pasaporte ng aming mga magulang at panganay na anak ni Mary Jane;

21. Bago pumunta sina Nanay at Tatay kay Mary Jane, binilinan ko silang kuhanan ng pahayag si Mary Jane tungkol sa nangyari sa kanya. Hindi nila nakuha ito;

22. Para makakuha ng pahayag ni Mary Jane, tinawagan ko siya pagbalik nina Nanay at Tatay galing Indonesia at sinabihang ipadala na lamang sa koreo ang kaniyang pahayag. Dumating ang kanyang sulat-kamay na salaysay matapos ang ilang buwan. Hawak-hawak ko ito at in-encode para may kopya rin kami;

23. Nuong buwan ng Enero 2015, nabulabog na lang kaming lahat nang tumawag si Mary Jane at umiiyak, humihingi ng tulong dahil bibitayin na siya. Sabi niya, lumapit na kami kahit po sino na pwede naming malapitan na makakatulong sa kanya. Kaagad, tumawag ako sa DFA at nakausap ko siViolet Ancheta. Siya ang bagong case officer ng DFA na humahawak sa kaso ni Mary Jane. Sinabi niya na wala silang natatanggap na ganoong balita. Sabi niya, tatawagan muna niya ang embahada sa

Indonesia at tatawag na lang kami kung ano ang makuha nilang balita. Wala silang naibalita sa amin;

24. Bago kami umuwi pabalik ng Pilipinas, hiningi ni Chito, taga-embahada, ang sulat-kamay na salaysay ni Mary Jane dahil kailangan daw nila ito sa embahada. Binigay ko ito dahil nagawan ko na naman ng kopya;

25. Nabalitaan namin kay Mary Jane na naghain na siya ng apila at hinihintay ang desisyon ng korte;

26. Nuong ika-18 ng Pebrero 2015, pumunta kami sa Indonesia, ako, Nanay, Tatay at dalawang anak ni Mary Jane, para bumisita. Inayos ito ng DFA. Kasama namin sa pagbisita si Violet at mga taga-embahada. Nakabalik kami dito sa Pilipinas noong ika-22 ng Pebrero 2015;

27. Nuong ika-3-4 ng Marso 2015, dininig ang apila ni Mary Jane sa Indonesian Supreme Court;

28. Nuong ika-26 ng Marso 2015, lumabas sa balita na ibinasura ng Supreme Court ang kanyang apila. Tumawag ako sa DFA para magtanong kaugnay sa lumabas sa balita. Wala pa rin silang alam. Kaya nagpasya kami na magpa-media na. Simula noon, kay Mary Jane na kami nakakakuha ng balita sa kung ano na ang nagaganap sa kaso niya at sa kanya;

29. Nuong ika-30 ng Marso 2015, pumunta naman sa amin ang Migrante at nag-alok ng tulong sa amin. Hanggang ngayon, sila na ang kasama namin sa laban ni Mary Jane.

SA KATUNAYAN NG LAHAT NG ITO, ako'y lumagda ng buo kong pangalan ngayong ika-15 ng Abril 2015, dito sa Quezon City, Pilipinas.

MARITESS VELOSO LAURENTE
Nagsasalaysay

SUBSCRIBED AND SWORN TO before me, notary public for and in Quezon City, Philippines on APR 17 2015, affiant exhibited to me her COMELEC Voter's Identification Card with VIN 4903-0366B-A1980MVL20000 issued in Cabanatuan City, Nueva Ecija.

MARIA KRISTINA C. CINTI
Notary Public until December 31, 2015
Notarial Commission No. NP-305
Roll of Attorneys No. 63574
IBP Lifetime Member No. 012681 - Batangas
PTR No. 0756376 - 1/28/2015 - Quezon City
7F Ernestina Building, 1 Maginhawa cor. Matatag St.
Central District, Quezon City

Doc No. 144
Page No. 29
Book No. 1
Series of 2015.